Tagalog

Patnubay Sa Mga Serbisyo Sa Basura

Oras na para MAGSIMULA!

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

WasteSorted
A Waste Authority Program

City of Wanneroo

Pagpapakilala sa mga bagong basurahan sa inyong lugar

Ang aming bagong sistema na tatlong basurahan ay tumutulong sa lahat na maitapon ang basura sa tamang lugar. Binago namin ang kulay ng mga takip ng aming basurahan upang maiwasan ang pagkalito at matugunan ang mga pamantayan ng Australya. Sa pamamagitan ng wastong paggamit ng aming mga basurahan, makakatulong tayong hindi maitapon sa landfill ang mga mahahalagang yaman (resources) at protektahan ang ating kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon.

Hindi ka sigurado kung saang basurahan ito ilalagay? I-download ang Recycle Right app!

Ang Recycle Right app ay simple at madaling paraan upang malaman kung saang basurahan ilalagay ang mga bagay-bagay. Itinatampok nito kung:

- Aling Basurahan - alamin sa isang sulyap, kung ano ang ilalagay sa aling basura at alin ang hindi para doon at ang mga tamang pamamaraan ng pagtatapon.
- Isang listahang A-Z ng partikular na mga bagay na nagsasabi sa iyo kung paano itatapon ang mga ito nang maayos.
- Hanapin ang Aking Pinakamalapit - nagbibigay-daan upang mahanap mo at makuha ang direksyon sa iyong pinakamalapit na centre ng pag-resiklo o drop-off point sa Perth metro area para sa mga item tulad ng mga baterya, mga piyesa ng kotse, mapanganib na basura sa bahay at marami pa.



App Store para sa mga iOS user

Google Play Store para sa mga Android user

recycle right

recycleright.wa.gov.au

Mayroong Mabubuting Tao sa bawat kalye na naglalagay ng 60% na mas mababa sa kanilang pangkalahatang basurahan.

Kumusta, ako si 'G'!

Ang nais ko ay makahanap ng mga pagbibigyang bahay para sa mga bagay na magagamit pa imbes na itapon sa landfill. Nagreregalo ako ng mga bagay sa mga kawanggawa, sa aking mga kaibigan at kapitbahay. Nagbebenta ako ng mga bagay sa online at miyembro ako ng aming kapitbahayan na 'Buy Nothing' na isang social media group.

Kumusta, ako si 'R'!

Matalino akong tao. Alam kong inireresiklo lamang natin ang 5 bagay na ito sa may-dilaw na takip na panresiklong basurahan - mga lata, papel, karton, babasaging baso, at mga plastik na botelya at lalagyan. Tinitiyak ko na ang karton ay pinipi at itinatago ko ang mga takip ng aking mga lalagyan pagkatapos kong hugasan ang mga ito.

Kumusta, ako si 'E'!

Alam ko na ang mga tira-tirang pagkain at basura sa hardin ay maaaring ibalik sa lupa upang gawing mahusay na abono. Mayroon akong compost bin sa bahay para gamitin sa aming hardin at tinutulungan ko ang aming mga kapitbahay na huwag basta itapon ang mga tira-tirang pagkain, bagkus ay ilagay ang mga ito sa ShareWaste.

Kumusta, ako si 'A'!

Ang pinakamahusay na paraan upang bawasan ang iyong basura ay ang pag-iwas na magkaroon nito! Hindi ako kailanman gumagamit ng mga disposable cup, hindi kailangan ang pambalot na plastik at mga plastic bag! Sinusunod ko rin ang nakalistang bibilhan upang maiwasan ang pagbili ng mas maraming pagkain kaysa sa kinakailangan namin.

Kumusta, ako si 'T'!

Ang basura ay hindi lamang tungkol sa mga bagay na itinatapon sa mga basurahan sa bahay. Hindi ko kinakalimutang ikahon ang mga problematikong bagay at dinadala ang mga ito sa natatanging mga drop-off point.

Maging MABUTING tao!

Ang landfill ang dapat huling pagtatapunan.

PANRESIKLONG BASURAHAN

Mga plastik na botelya at lalagyan

Mga lalagyan (punnets) ng prutas at gulay

Mga tub ng yoghurt

Mga bote ng sarsa

Mga lalagyan ng ice-cream

Mga bote ng inumin

Mga lalagyan ng take-away

Mga bote ng mga gamit sa banyo

Mga bote ng mga produktong panlaba

Sa Perth, inaalis namin ang mga takip at inilalagay ang mga ito sa panlahatang basurahan.

PANLAHATANG BASURAHAN

Malambot o 'nalulukot' na mga palstik

Mga paketeng plastik

Mga sachet at pouch

Mga plastik bag

Maraming mga tao ang nagdadala ng mga malalambot na plastik sa lokal na tindahan para mairesiklo.

Tingnan ang **redcycle.net.au** para sa karagdagang impormasyon

Iba pang mga plastik sa bahay



Ang aming kalye ay nakakatipid ng espasyo sa basurahan sa pamamagitan ng pagdadala ng polystyrene sa drop-off center para mairesiklo.

Polystyrene

Panlahatang mga plastik na bagay sa bahay

Mga itinatapong pinaglagyan ng take-away



Maraming tao ang gumagamit na ngayon ng likas-kaya at muling-magagamit na kahalili sa mga itinatapon at minsanang-gamit na bagay.

PAPEL AT KARTON

PANRESIKLONG BASURAHAN

Mga karton ng itlog

Mga tube na karton

Mga kahon

Sinusulatang papel

mga karton na pinaglagyan ng likido

Mga sobre

Mga diyaryo at magasin



Ang piniping karton ay hindi nangangailangan ng maraming espasyo at maiiwasan nitong masabit ang ibang mga bagay.

PANLAHATANG BASURAHAN

Mga karton na may saping palara

Mga takeaway cup

Papel na ginutay

Maruming papel at kahong karton

Mga tisyu at tuwalyang papel (paper towel)

Tinatabi ko ang mga ginutay na papel at tuwalyang-papel para sa compost bin sa bahay.

PANRESIKLONG BASURAHAN

Mga lata

Mga bakal na takip

Aluminyong palara
na nilukot sa 5cm na diyametrong bola



Dinadala namin ang walang laman na mga tinatanggap na lalagyan ng inumin sa refund point sa aming lugar upang makakuha ng 10c na refund. Ibinabahagi namin ang labis na cash sa mga paaralan, kawanggawa at samahan.

BAKAL

DROP-OFF CENTRE

wanneroo.wa.gov.au/recycleright

Mga lata na may mapanganib na laman

Mga lata ng aerosol spray

Pintura

Tingnan ang pahina 13 para sa ibang mga uri ng mapanganib na basura

PANRESIKLONG BASURAHAN

Mga botelya at garapon

Mga iniinumang baso

Tumutulong kami na lubusin ang pag-resiklo sa pamamagitan ng pagbanlaw ng mga mumo sa mga ito.

DROP-OFF CENTRE

wanneroo.wa.gov.au/recycleright

Iba bang mga babasaging baso sa bahay

Akwaryum ng isda

Maraming mga paraan sa pagreregalo ng mga bagay at gawing masaya ang isang tao. Maaari mong i-ambag ang mga bagay, iregalo sa mga kapit-bahay, ipagpalit o ibenta.

Mga salamin

Mga mesa na may salamin sa ibabaw

PANLAHATANG BASURAHAN

Mga organiko sa pagkain

Karne

Mga produktong gatas

Mga tira-tirang prutas at gulay

Mga kanin at butil

Maraming tao ang nagreresiklo ng mga tira-tirang pagkain sa bahay. Maraming mga paraan – pag-aalaga ng mga bulate, mga compost bin, mga manok, bokashi o pagbibigay nito sa isang kapit-bahay na nag-aabono. Madaling iwasan ang pagtatapon ng mga tira-tirang pagkain sa landfill. Maghanap ng mga gantimpala para sa mga residente ng City of Wanneroo sa **switchyourthinking.com.au**

PAGKAIN

PANLAHATANG BASURAHAN

Mga gamit sa pangangalaga ng kalusugan ng bibig

Mga bandage

Mga nappy at itinatapong personal na gamit

MGA SANITARY ITEM (MGA PERSONAL NA GAMIT)

MGA BAGAY SA HARDIN

PANLAHATANG BASURAHAN

Mga dumi ng hayop at alagang-hayop

Mga kagamitan sa hardin

Pagpapalusog ng lupa

Mga paso ng halaman

Hose na pinutol *sa mga metrong haba*

Higaan at litter ng alagang-hayop

BASURA MULA SA PAGATATAYO AT PAGGIBA NG GUSALI

DROP-OFF CENTRE

wanneroo.wa.gov.au/recycleright

Mga brick

Mga buhangin at durog na bato

Pagbabakod

Ang basura mula sa pagtatayo ng gusali ay nangangailangan ng natatanging pagtatapon - bisitahin ang **wanneroo.wa.gov.au/recycleright** upang malaman ang iyong mga pagpipilian.

Asbestos

BASURAHAN NG MGA ORGANIKO SA HARDIN (GO)

Maliliit na sanga

Ang maximum na haba ay 100cm

Ang maximum na lapad ay 6cm

Itabi ang malalaking tinapyas na halaman para sa taunang koleksyon ng maramihang berdeng basura. Ginagamit din namin ang aming mga voucher upang dalhin ang malilinis na berde (mula sa halaman) sa **Wangara Greens Recycling Facility, 70 Motivation Drive, Wangara**.

Dapat walang mga plastik bag sa iyong GO na basurahan

Mga damo

Mga sangay at istik

Mga tinapyas sa hardin

Mga ginapas na damo at sukli na damo

Wala ka bang basurahang GO? Ilagay ang mga organiko sa hardin sa iyong panlahatang basurahan.

PANLAHATANG BASURAHAN

Mga kumot at unan

Sa City of Wanneroo, inireregalo namin, ipinagpapalit at ibinebenta ang mga gamit sa bahay. Pinapasaya nito ang araw ng iba at naiiwasan ang pagtatapon sa landfill.

Lumang damit at mga tela

TAUNANG PAGKOLEKTA NG MARAMIHANG MATITIGAS NA BASURA

Ang City ay nagsasagawa ng taunang koleksyon ng maramihang basura. Ang basura ay dapat ilagay sa gilid ng daan nang hindi mas maaga sa isang linggo bago ang nakaiskedyul na koleksyon. Mangyaring suriin ang iyong mga petsa ng koleksyon sa pamamagitan ng pagbisita sa **wanneroo.wa.gov.au/bulkwaste**. Ang mga tauhan ng koleksyon ay hindi magbabalik kung napalampas mo ang iyong araw ng koleksyon.

Mga kutson

Muwebles

Malaking basura sa bahay

Mga elektronikong gamit (Whitegoods)

Ilagay nang maayos ang basura sa gilid ng daan, na may espasyo para sa pagkolekta ng makinarya sa mga materyales.

DROP-OFF CENTRE
wanneroo.wa.gov.au/recycleright

Elektronikong basura (e-basura)

Mga mobile phone at aksesorya

Mga baterya ng motor

Gasolina ng motor

Gulong

Gamot

Pinananatiling ligtas ng maraming tao ang kapaligiran at ating komunidad sa pamamagitan ng pagdadala ng basurang ito sa kanilang pinakamalapit na drop-off center.

DROP-OFF CENTRE
wanneroo.wa.gov.au/recycleright

Mga bumbilya

Mga baterya sa bahay

Smoke detector

Mga flare

Mga tangke ng gas

Fire extinguisher

Mga asido, alkali at iba pang kemikal sa bahay

MGA KAHINGIAN SA PAGKOLEKTA NG BASURA

Paghahanda ng iyong mga basurahan para sa koleksyon

6am

Ilagay ang basurahan sa labas mga alas-6 ng umaga sa iyong araw ng koleksyon

70 kg

Ang maximum na timbang ng bawat basurahan ay 70kg

Huwag pumarada harap ng mga basurahan at panatilihing bakante ang mga daanan ng sasakyan

Ibalik ang iyong basurahan sa lugar ng imbakan nito sa loob ng iyong propyedad sa lalong madaling panahon pagkatapos ng koleksyon hangga't maaari

Lumayo ng hindi bababa sa 1 metro mula sa mga puno at huwag sa ilalim ng palyo (canopy) ng puno

Panatilihin ang puwang na hindi bababa sa 1 metro sa pagitan ng mga basurahan

Panatilihin ang layo na hindi bababa sa 1 metro sa mga kotse, mailbox at bakuran atbp

Paghahanda ng iyong maramihang basura para sa koleksyon

Ilagay nang maayos ang basura sa gilid ng daan, na may espasyo para sa pagkolekta ng makinarya sa mga materyales.

- Panatilihing walang harang ang mga daanan ng tao, daanan ng sasakyan sa kalye at sa bahay. Kung ang iyong propyedad ay malapit sa laneway, mangyaring ilagay ang maramihang basura sa isa sa paradahan ng kotse ng bisita sa harap ng iyong bahay.
- Mangyaring ilayo ang basura nang hindi bababa sa 1 metro sa mga bakod, pader, puno, mail box, mga pampublikong utility, mga power dome, metro ng tubig at mga pandilig (sprinkler) upang maiwasan ang pagkasira.
- Huwag ilagay ang mga bagay sa paving na may maputlang kulay at artipisyal na damuhan (turf). Upang maiwasang mag-iwan ng marka ang mga sasakyan o makasira, hindi kami maaaring magkolekta ng materyal na nasa mga ito.
- Kung hindi ka sigurado kung saan ilalagay ang iyong basura para sa koleksyon, makipag-ugnay sa City sa 9405 5000.

PAGKAKALAT AT ILIGAL NA PAGTATAPON NG BASURA

Sa City of Wanneroo, mahal namin ang lupa na aming tinitirhan. Makatutulong kang mapanatili itong malinis sa pamamagitan ng pagsusumbong ng iligal na pagtatapon ng basura sa:

- Ang City's Rangers sa **9405 5000** o **1300 138 393** sa labas ng mga oras ng opisina
- Ang hotline ng Department of Water and Environmental Regulation sa iligal na pagtatapon ng basura sa **1300 784 782**
- Ang Keep Australia Beautiful Litter Reporter Scheme (kapag nag-uulat ng pagtatapon o pagkakalat ng basura mula sa sasakyan) **kabc.wa.gov.au/report-littering**

Nais mo bang tumulong sa paglilinis ng lokal na lugar? Maraming mga residente ang nagboboluntaryo ng kanilang oras sa 'Adopt-a-Spot'. Mag-sign up ngayon sa **wanneroo.wa.gov.au/adopt-a-spot**

City of Wanneroo

23 Dundebar Road, Wanneroo, WA 6065

Locked Bag 1, Wanneroo, WA 6946

T (08) 9405 5000
Sa Labas ng Oras ng Opisina 1300 13 83 93
E enquiries@wanneroo.wa.gov.au
wanneroo.wa.gov.au

Ang dokumentong ito ay isinalin sa ilang mga wika. Mangyaring bisitahin ang wanneroo.wa.gov.au/talkingmylanguage para sa karagdagang impormasyon

processgreen™
environmentally sustainable printing

Inilimbag gamit ang berdeng elektrisidad at sa pinakamataas na mga internasyonal na pamantayan sa kapaligiran.

IRESIKLO AKO sa iyong panresiklong basurahan na may dilaw na takip.

MABILISANG SANGGUNIAN

Panresiklong basurahan

- ✓ Mga latang aluminyo at bakal
- ✓ Mga babasaging bote at garapon
- ✓ Mga plastik na botelya at lalagyan
- ✓ Malinis na karton (pinipi)
- ✓ Papel (hindi ginutay)

Basurahan para sa mga organiko sa hardin (GO – Garden Organics)

- ✓ Ginapas na damo
- ✓ Mga dahon/mga bulaklak
- ✓ Mga tinapyas at maliliit na sanga
- ✓ Mga damo, istik, at sanga

Panlahatang basurahan

- ✓ Basura mula sa pagkain
- ✓ Hindi na magagamit pang mga damit
- ✓ Mga nappy at sanitary item
- ✓ Ginutay/maruming papel
- ✓ Maruming karton
- ✓ Mga dumi ng hayop at alagang-hayop

Pagkolekta ng maramihang matitigas na basura sa gilid ng daan

Mga kutson

Mga kalan at iba pang mga kasangkapang de kuryente o whitegoods (hanggang 1.5m ang haba)

Mga muwebles at iba pang malalaking kasangkapan sa bahay

Basurang bakal

Pagkolekta ng maramihang berdeng basura sa gilid ng daan

Pinutol na puno at mga tinapyas sa halaman (hanggang 1.5m ang haba at 300mm ang diyametro)

Mga drop-off centre na pinamamahalaan ng gobyerno

Wangara Greens Recycling Facility (bukas sa Sabado at Linggo at sa mga pista opisyal)
70 Motivation Drive, Wangara
Tel : 9405 5000

Tamala Park
1700 Marmion Avenue, Mindarie
Tel : 9306 6303

Recycling Centre Balcatta
238 Balcatta Road, Balcatta
Tel : 9205 8555



Dinadala ng karamihan ang sumusunod na mga bagay sa drop-off center. Alamin kung ano ang tinatanggap sa bawat centre sa pamamagitan ng pagbisita sa **wanneroo.wa.gov.au/recycleright**

- Mga aerosol
- Pintura
- Mga bumbilya
- Mga kemikal
- Mga tangke ng gas
- Mga fire extinguisher (mga pamatay-sunog)
- Mga gamot
- Mga baterya
- Gasolina ng motor
- Mga gulong
- Mga mobile phone
- Elektronikong basura (e-waste)
- Basura mula sa pagtatayo ng gusali
- Asbestos

PUNITIN ANG BAHAGING ITO (TEAR OFF THIS PART)